

(Available in print and digital formats)

Whimsical Catalog 2023
Issue 2

Table of Contents

[The Hand that Rocks the Cradle Folds the Laundry](#)
[Hexterical](#)

The Hand that Rocks the Cradle Folds the Laundry

(Mga Huni ng Inahing Tikling sa Tabi ng Kalamunding)



Rose Tan

Dedication

She can't cook, but there's always happiness in her kitchen and around her table. There's no special recipe to be passed down from generation to generation, only laughter and kindness. In her kitchen, there's no rivalry, just faith in one another. On her table, there's no conflict, just forgiveness.

She has a lot of prayers for she has a lot of kids.

She taught them all and she taught them well.

She loves them all and she gives her all.

She nursed their wounds and suffered their pains.

She wonders now, where her children are,
all seven of them left her all alone.

She is my mother.

She is selfless, she is tender.

She is courage, she is sacrifice.

She is patient, she is kind.

She is faith, she is hope.

She is love.

She is home.

*“But kids don’t stay with you if you do it right.
It’s one job where, the better you are, the more
surely you won’t be needed in the long run.”*

- Barbara Kingsolver

Mame, by giving us your heart, you gave us everything that we need. If sometimes you feel alone, remember that we carry your love wherever life may lead us. You are in our hearts and in our minds. You are our mother, and we will never cease to be your children. We will be yours when we’re ninety and beyond. Each day, we come home to your heart’s embrace.

I love you.

Introduction

I've read enough books on parenting to realize that there really is no hard and fast rule on it. Each child is unique. If you have seven children like my parents, you'd know that what worked for the first child would not work for the second, and what worked for the second does not apply to the third, and so on.

Still, those books aren't entirely useless. One of my best friends can attest to that. She was having trouble disciplining her four unruly kids, someone gave her a book on child discipline. Desperate, she devoured the book, and while she was reading, her four kids decided that was the perfect time to be unruly and scream at one another.

She looked at the book, and then her screaming kids, and flung the book at them. May isa raw tinamaan. Tumahimik lahat. She picked up the book, proudly told her husband how effective it was.

If you judge her, you're a politically correct bigot.

One book on child discipline made me wonder whether the author has kids of his own, and if he does, how did they turn out? Because the truth is, mothers are often frustrated, tired, anxious.

Hindi nauubos ang labada.

Pinipiga ang utak sa pag-iisip ng uulamin na hindi naman kakainin ng mga anak na pihikan.

Hindi siya nakatira sa bahay, siya ay nakatira sa factory ng kalat.

May anak na umiiyak, sumisigaw, nagwawala.

May anak na hindi mautusan.

May asawang walang pakialam.

May plantsahing mga uniporme.

Kulang pa ang pambayad sa utilities.

Tumaas na naman ang presyo ng mga bilihan.

May ambagan na naman sa school ng mga anak.

Marami pang iba.

Frustrated and anxious moms do lash out. And yes, sometimes they do hit their kids in anger—a no-no in all those parenting books. But do those authors really understand what it's like? They claim they do. I doubt it.

Your toddler's having a crying fit while you're trying to feed your seven-month-old, and your teenager's immobile on his mobile game, your husband's yelling for his socks. You try to soothe the toddler, he kicks you in the groin.

Do you stop and think about what the famous child psychologists say in their books? Do you look into that toddler's eyes and speak gently to make him understand that kicking his mommy is not allowed? Honestly?

No. We don't speak gently when we're on the verge of madness. We don't think of rules. We simply react. We are real moms in the real world.

Even the kindest, gentlest mom I know—my mother—slapped me once out of anger

and fear. I was mad at my brother, so I poked his face with walis-tingting, nasundot ang mata. Just like that, Mother slapped the living daylights out of me. I was stunned. Mother doesn't do that, she doesn't hit us. Pero natakot siya na nabulag ko ang kapatid ko, she reacted like any human being. She got mad.

I'm not saying to go ahead, hit those pesky kids any chance you get. That would be child abuse, I don't condone that. I am simply being real. The occasional palo or tampal, even kurot do happen in the heat of the moment, and heated moments are the staple of every household. Morning rush, endless bickering, nighttime debates, mess after mess after mess.

So, sure, dear child psychologists and politically correct bigots, come into our house, please ignore the toddler in the trash can, he's looking for his chicken nugget and that zombie over there is my eldest, the youngest is crawling... somewhere... and,

nope, that's not pancake he's eating, that's SHIT! TAE MO 'YAN, ILUWA MO! LUWA! LINTIK KA!

In this book, we are just going to be real, mommies.

I was asked, advised to vlog about my misadventures as a mother as I've been posting about them on my social media page, and each time, I'd get a lot of positive reactions and comments. Well-meaning friends suggest I should level up to vlogging. That way, I'd gain more followers and become another influencer mom. I'd have lots of money.

However, the right and perfect moments don't happen in front of a camera. No mother can ever anticipate what her child will say or do in any given situation. To capture them all in videos is to have the camera rolling nonstop. I would be compelled to wake up like an IG goddess, not a mom stressed out of her wits and ugly AF. I'm always stressed out of my wits and ugly AF. No way I'd show that

on my social media page. I will never showcase my warts and proclaim that I'm proud of them. I'm not. And before accusing me of not loving myself, warts and all, let me remind you that I came into this world wartless. They are not parts of me, I'm allowed to hate them.

Having said that, this book is not entirely devoid of what I call "truth bombs," practical tips I've accumulated through years of parenting my only son. I aim not only to entertain, but to also provide fellow moms and future fellow moms some insights on how to cope with the demands of motherhood and the society's impossible expectations, so as to fully enjoy the joys of parenting.

There are no perfect moms. There are only perfect mom moments that can be captured only when moms stop caring about what other people think and put their hearts where they should be. On the job.

Any job is rewarding if we're good at it. The best thing about parenting is there's just

one way to be good at it and reap the rewards: be present.

Being present does not necessarily mean being physically present. For a lot of moms, that is impossible and unfair. To be present is to let our love be known and felt despite odds and distance.

Finally, after you close this book, I hope to have made you realize that motherhood, indeed, is life's greatest gift.

I: The Boy Who Changed His Name to "Ronaldo"

Throughout this book, I'd be referring to my son as "Ronaldo." Here's why.

Ang aking inakay, ang laki ng sayad. Isang gabing maalinsangan, masayang-masaya siya dahil natapos ang ginagawa para daw sa kanyang PowerPoint presentation. Nakahiga na kami pero hyper pa rin ang bagets. Daldal nang daldal tungkol sa kung anu-ano. Hindi ko pinapansin, busy ako sa pagbabasa.

Hanggang bigla na lang sumigaw, "I want to change my name, Mama!"

Naihagis ko ang libro. "At bakeet???"

"You gave me a stupid name. I'm a month, I'm an animal, I'm a color. I'm a fruit!"

"Ganda nga `yon, nese `ye ne eng lehet."

"Basta, I'll change my name."

"You can't just do that. Pupunta ka pa sa korte, dapat may valid reason."

“Lawyer naman si Tito Jun-Jun.”

Diyata’t seryoso nga? May existential at identity crisis na ga ang anak ko? Dahil kung tutuusin, hindi iyon ang unang pagkakataon na nagpalit siya ng pangalan.

Sa unang birth certificate, last name ko ang gamit niya dahil hindi naman kami kasal ng ama niya. Then his father insisted that we must change that, his son must use his family name for all eternity. When I didn’t budge because I didn’t really care about such things, he changed tactics.

“Kawawa `yan sa school, walang middle name.”

Doon lang ako naantig.

Sinabi ko sa registrar’s office ng bayan kung saan ako nanganak ang aking pakay. Nagpanotaryo ako ng “abid-abit,” sabi nga ng Mamay. Affidavit. `Tapos, inilagay ng registrar sa isang sobre ang mga dokumento, sinelyuhan ng laway at bawal na bawal raw iyong buksan. Very James Bond-ish. I had in my hand a highly classified information. For

your eyes only. Dalhin ko raw sa main NSO Office.

I'm lazy AF so I asked my brother to do the honor. Inutos naman niya sa sekretarya niya. Hintayin ko na lang daw ang bagong birth certificate.

No'ng dumating ang bagong birth certificate ng anak ko, may remarks sa right side ng dokumento, *The child shall be known as...*

Makes me think of The Artist Formerly Known as Prince every time.

Years passed. Matagal nang out of sight and out of mind sa buhay naming mag-ina ang kanyang ama. Pero baka biglang tinutubuan na ng angst para sa kanyang absentee father ang aking anak kaya gusto nang palitan na naman ang kanyang pangalan.

I asked carefully, "Ano naman ang ipapalit mo?"

"RONALDO!"

He didn't look angsty. He was happy,

giggling and bouncing on the bed. I felt relieved. Pero hindi ko alam iisipin ko, nakitawa na lang ako. Then he lowered his voice and made up a story. Impromptu!

“This is the story of a man who changed his name to RONALDO. He asked his mother if he can change his name and his mother told him he must go to court, and he did. So he changed his name to RONALDO! And RONALDO became the PRESIDENT of BEKISTAN! And then, RONALDO'S mother forced him to eat vegetables, and he sent his mother to jail! She was in maximum security for five years. When she got out, she forced RONALDO to eat fruits! RONALDO sent her back to jail. That is the story of the man who changed his name to RONALDO.”

Nakatulog akong may ngiti sa labi pero iniisip kung saan galing ang Ronaldo. Ang daming pangalan, bakit iyon ang naisipan? Sigurado naman ako na hindi dahil doon sa sikat na futbolista. Matagal na niyang kinalimutan ang football, ipinagpalit sa

Rubik's cube.

The following morning, ginigising ko na, ang sabi, "RONALDO WILL NOT GO TO SCHOOL TODAY."

Kailangan na nga yata ng therapy.

At ang Bekistan daw, bansa ng mga beki, doon daw siya magpepresidente para panalo agad dahil siya ay POGI! Sa maniwala kayo at sa maniwala, said country actually exists. Tinuro sa akin sa globe.

Ang kabilin-bilinan pa, i-post ko raw sa Facebook dahil kung hindi, "Ronaldo will punch you so hard."

Akala ko, doon na nagtatapos ang Ronaldo Saga. Hindi pa pala. Sa sumunod na araw, tinawag niya akong JESSICA.

"Bakit Jessica?" Hindi ga ako puwedeng pumili ng bago kong pangalan? Puwera-usog sa mga Jessica pero ang naaalala ko sa pangalan, si Jessica Alfaro, iyong witness sa Vizconde massacre na laging naka-shades.

Basta raw. Ako na si Jessica.

Two days after that, hindi na raw ako si

Jessica. Ako na si Rachel. Natuwa naman ako. Mas gusto ko ang Rachel kaysa Jessica.

Hindi rin maipaliwanag ng anak ko kung bakit naisip niyang binyagan ng Ronaldo ang sarili. Bakit hindi Daniel or James? Hindi kaya noong nasa tiyan ko pa lang siya, nahack niya ang brainstem ko at nakita niya sa trash bin na noong trese anyos ako, Ronaldo ang pangalan ng crush ko? Baka nakita rin niya doon na ako ay fan ni FPJ noong araw. FPJ, Ronnie Poe to his friends. Ronald ang totoong name.

Maybe.

I got so used to calling him Ronaldo in my Facebook posts that I felt I should use that pet name of his in this book. Consider it a term of endearment for my son.

II: PREGNANCY and CHILDBIRTH

“You are the caretaker of the generations, you are the birth giver,” the sun told the woman.

“You will be the carrier of this universe.”

- Brule Sioux, Sun Creation Myth

Plotting the Baby

Most writers I know almost always liken writing to having a child. They got pregnant with an idea, they labored, sweated and bled until a book is born. Then they treat those books as babies.

That is nothing but a silly metaphor. Writers’ romanticized version of the creative process. I’m a writer, too, so I understand the need to liken it to the toughest job in the world. We are the perpetually marginalized

creatures—most especially in these parts, we are compelled to justify our antisocial tendencies, our shyness, and most of all, our laziness.

Yes, laziness.

Have you ever met a writer who loves doing errands?

Noong hindi pa uso ang mga e-wallet, madalas akong maputulan ng tubig. Sa halagang 300 pesos na pagkakautang. And it would take me several days to settle the bill.

Because I didn't want to leave the house for something as insignificant as H₂O. Instead, I would text everyone I know who'd be willing to run that errand for me. Kapag wala talagang mautusan, doon lang ako lalabas para ipatanggal ang padlock ng water meter.

I once asked the water company if I could just pay my bills in advance. Mga six months na agad, 'kako, para hindi ako maabala sa pagtunganga.

The lady behind the payment window could not process what she just heard. She

stared at me as if questioning her life's purpose. It took her several precious moments to open her mouth and instead of speaking, she laughed.

Hindi raw puwede. Hindi raw pare-pareho ang konsumo bawat buwan.

What a lie! They'd been billing me the same amount month after month after month. I argued that I live alone, I don't wash dishes, I only do the laundry every full moon, I don't shower every day. But I could tell that she wanted to dismiss me. I could also tell that she had no idea she was dealing with a highly evolved specie. Mahina siyang nilalang, I was just wasting my time with her.

Writer ako, hindi halaman. Mabubuhay ako nang walang dilig.

Nadiligan din eventually, and I got pregnant, not with an idea but with a true, honest to goodness human being. The entire process of conception, pregnancy, childbirth, and child raising is in no way akin to writing a book.

Staring into empty space, biting my nails, pulling dead hairs off my head, pricking and squeezing blackheads and pimples are a huge part of my writing process. They weren't allowed in the maternity ward. I was only allowed to writhe in pain.

I decide how my novels would turn out. I always know the beginnings and the endings. I plot, summarize, and outline each story idea. I truly wish I could do the same with my son.

I self-edit my novels, tie up loose ends, make sure my mistakes are too few to be relevant. I can't edit my son, and every parenting mistake I make would be relevant to his future. Crossing my fingers those mistakes of mine wouldn't land him in jail.

I really do wonder about the moms of those serial killers. Netflix should make a documentary about them. The cult leaders who drove their followers to suicide, those dictators whose crimes were against humanity, did their mommies offer their souls

to the devil in exchange for eternal youth and endless cash flow? I'd be *very* interested.

My novels would never land in death row but I can't even tell my son how I murdered the bubuli in the kitchen lest he gets any idea.

If you're wondering how I did it...

Hinambalos ko muna ng walis-tingting.

Nabaligtad siya.

Binagsakan ko ng chopping board na gawa sa sampalok wood, `tapos tinapakan ko ang chopping board.

I stomped hard. Hanggang rinig at ramdam ko nang napsak ang katawan ng bubuli.

Tinapon ko sa damuhan ang biktima kasama ang chopping board.

Then I felt bad and turned myself in to the imaginary hall of justice.

"You could have just shooed it away with the broom, ano'ng kasalanan ng bubuli sa `yo?"

"Ginulat niya ako, your honor. Nabitawan ko ang tasa na may toyo-mansi. Last

kalamansi na namin `yon, tamad mamunga ang kalamunding ko.”

“Hindi mo man lang naisip na baka ina `yon na naghahanap ng pagkain para sa kanyang mga anak?”

“Baka naman ho ama `yon na pinabayaan ang mga anak niya.”

“Paano natin malalaman, pinisak mo na?”

“Ilang Ama Namin ho ang dadasalin ko?”

Books are not like children. I’ve written novels I’d rather forget. Some, I have actually forgotten. What mother could forget her children?

Writing a book is not like giving birth. There is no such thing as a parents’ block.

But it helps a lot when you’re a mom with a writer’s imagination.

Love and other Bruises

When I found out I was pregnant, I laughed. But I had to cover my face because single women who are pregnant don’t laugh,

unless they're in a soap opera and the pregnancy is part of some diabolical scheme.

I laughed because I thought God was being funny. I have been fervently praying for someone to love, cherish, and adore; for someone who will love, cherish, and adore me in return.

God: Noted. LOL

The tears came several weeks later. I cried when they don't have mayo for the isaw. I cried because Chinese food smelled awful. I cried because I thought I looked like Angelina Jolie and I did not. Iniyakan ko na lahat maliban sa masaklap na katotohanang ako ay dalagang buntis.

I felt that crying over that was too 80s movies. Ipaglalaban ko ang pag-ibig ni Tony Abuel? Mamamalimos ako ng pag-ibig? Paluluhurin ko ang mga tala? Bubuhayin ko ang bangkay?

Mas nakakaiyak na malamang lalaki ang ipinagbubuntis ko kahit hindi pa ako nagpapa-ultrasound.

Lahat na lang ng makakita sa akin noon,
“Lalaki `yan, t’yak.”

Euphemism for, “Ampangit mo.”

Sob.

Ang konsolasyon ko lang noon, wala pang social media. Hindi ako obligadong i-document ang pagbubuntis ko. Still, may expectations ako. I pictured myself as a glamorous and cute preggy. I’d wear fabulous maternity clothes. I’d be glowing with love and pride.

Ang reality: I was always sleepy. Wala ako sa mood mag-shopping ng maternity clothes. Ang sinusuot ko lang kapag may lakad, iyong pinahiram ng kaibigan kong maternity dress and a pair of pants na ipinapares ko lang sa loose tops. Sa bahay, just my usual shorts and old shirts. Pinagupit ko na lang ang buhok ko dahil wala rin akong motivation mag-ayos.

Glowing ako sa pawis. I was always sweating. Maalinsangan ang pakiramdam ko araw-araw. May nagsulputang giant pimples sa pagmumukha kong nangingitim. Ayoko

nang manalamin not because I didn't want to look at myself, I just didn't know what to do with my face, hair, everything. I've lost interest in everything girly.

Kaya raw, sure na sure, I was having a baby boy.

Tama naman ang lahat ng humula. Amazing. Paano sila nakasigurado? Bakit totoo ang pamahiin na 'pag pangit ang buntis, lalaki ang anak? For this book, I decided to find out once and for all.

I googled: *why u ugly if pregnant with baby boy?*

Napunta ako sa isang artikulo tungkol sa pagbabago ng facial attractiveness ng isang babae kapag buntis. Sa isang pag-aaral daw, pinagsuot ng silicone tummy ang mga babae, 'tapos ay ipinrisinta sila sa mga lalaki para i-rate ang kanilang alindog. Mababa ang marka ng mga perceived as buntis kumpara doon sa mga walang silicone tummies.

Paraan daw marahil iyon ni Mother Nature para protektahan ang pagbubuntis at

sanggol. Para hindi muna lumandi ang mga talande, sila ay pansamantalang papangit.

Nasagot ga ang aking tanong?

Sadly, yes.

Lahat naman pala ng babae, nababawasan ang alindog during pregnancy. Ang masaklap, kung uber pangit kang buntis like I was, ibig sabihin, chaka talaga tayo to begin with.

Naglihi ang Matsing

May isa pang pamahiin ang matatanda at mga kaibigan kong naniniwala sa matatanda. 'Pag matakaw daw sa saging ang buntis, lalaki ang anak. Para akong matsing kung lumamon ng saging noong ako ay nagdadalang-tao. Latundan, lakatan, saba, señorita. Wala akong pinipili, basta saging. Ginataan, minatamis, maruya, banana cue, banana chips.

Samakatuwid, nasa akin na lahat ang sintomas ng baby boy. Hindi ako *funnywalain* sa mga pamahiin. Alam ng mga kaibigan ko,

kaya buti na lang, hindi ako nakipagpustahan ng kayamanan. Kinumpirma ng ultrasound na tama na naman sila.

Totoo pala ang pamahiin? *Ginooble* ko rin dahil `pag mulat ka na, kasalanan nang pumikit. Ay, aba! Ayon sa isang 2016 article sa New York Magazine, may superstitions daw tungkol sa pagbubuntis na totoo pala. As in may scientific explanation.

Kasama na ang tungkol sa saging. Sabi doon sa article, if you want a baby girl, stay away from bananas. Kasi raw, mas demanding sa calories ang baby boys. Bukod pa doon, mas nangangailangan sila ng extra potassium, calcium, at sodium. `Pag madami no'n sa diet ng babae, lalaki ang nagiging anak kadalasan.

Ingat lang daw, baka sa kagustuhang magka-baby boy, tumaas naman ang sugar ng mga buntis kalalamon ng saging and the likes. Mas importante ang health ng baby and mother kaysa gender.

Hindi ko alam kung ano ang demands ng mga fetus na beks. Malamang ay saging din.

Pero hindi lahat ng pamahiin, may basehan sa siyensiya. Sabi ng isang kumare kong mahilig sa feng shui, huwag ko raw himasin nang himasin ang tiyan ko, magiging spoiled ang fetus. Natawa ako, mga *pipti*.

Ayon naman sa isa ko pang friend na mahilig sa kababalaghan, kung hindi na raw ako makapaghintay ng ultrasound, may paraan para malaman ko ang gender ng anak ko. Talian ko raw ang wedding ring, itapat sa tiyan ko. `Pag umikot-ikot ang singsing, babae. `Pag side to side ang galaw ng singsing, lalaki. *Wantawsan-pipti* ang tawa ko.

Wala akong wedding ring.

Oh, My Shift!

The toughest part of pregnancy was the waiting. 7,684 days na akong naghintay na manganak, preemie pa raw maituturing ang anak ko.

`Nak ng talaga.

Nakalimutan ko na ang eksaktong oras na

nanganak ako. I didn't intend to forget. Historical event iyon ng buhay ko. Milestone, 'ika nga. Sa katunayan, natatandaan kong pinakatitigan ko ang malaking wall clock sa dingding ng delivery room. Itinanim ko sa utak ko ang oras. Ngayon, kapag ginugunita ko ang mukha ng nasabing orasan, hindi ko matukoy kung nasa 4 o 5 ang maiksing kamay.

But I have the hospital records somewhere out there, I think.

What I still remember so vividly are the male nurses. Mga lalaking nakaputi na aali-aligid doon sa delivery room habang nakasalang ako. Parang ritwal ng Illuminati ang nagaganap.

Hindi naman ako birhen para gawing alay sa kanilang panginoon, kaya malamang, inaabangan nila ang pagsilang sa The Chosen One. The child who would bring into fruition Earth's sixth extinction.

The last mass extinction happened two hundred-fifty million years ago and the

Illuminati could not wait any longer. They took turns stabbing me with their eager fingers. They called it “internal examination.” Hurt like hell each time.

At some point, dumating na ang reyna ng mga Illuminati, binulungan ako, “Huwag kang hysterical, mahihirapan ka.”

Wow. Makisama na lang ako? Hahayaan kong gawin nilang instrumento ng Armageddon ang anak ko? Kapag patuloy akong nanlaban, I’d be tortured and killed. Itatapon lang nila kung saan ang bangkay ko, lalagyan ng karton: *ADIK, HUWAG TULARAN.*

I could not allow that.

Nakisama ako.

Kahit napakahirap, sinunod ko ang instructions ng Illuminati Queen. I huffed and puffed and pushed. Umaagos na ang luha ko dahil kakaire ko, iba na ang nararamdaman ko na ibig lumabas mula sa katawan ko. Clue: hindi tao.

“...Tae ho ako,” daing ko.

“Good. Veery good. Tumae ka lang.”

Ah, pala naman.

They were after my shit.

Ipunin nila at itataas sa kanilang panginoon.

Twenty years later, the world is drowning in my shit. They named it Cambridge Analytica.

Chinaman

Nagising ako bandang 10 or 11 AM pagkapanganak ko ng madaling-araw—I still can’t remember the exact time. Siyempre, una kong hinanap ang anak ko. Nasa NICU raw, pahihinugin muna doon ng seventy-two hours.

Pinakiramdaman ko ang sarili ko. Wala namang masakit, there was just some kind of heaviness sa aking ari-arian at matris area. I was also shaky. Pero mukhang kaya ko namang bumangon. Ang nasa isip ko that time, iyong kakilala kong pagkapanganak sa

umaga, nagmo-motor na no'ng hapon. May kaibigan din akong nagparaspa dahil nabugok ang fetus. Pagkaraspa, nagmaneho na siya pauwi dahil may aasikasuhin pang toddlers. Mga Amazona. Ako naman ay lalakad lang papuntang NICU, chicken feed.

Hilo pala ako. And shaky. May nginig sa mga tuhod ko at kalamnan. Twice, muntik na akong matumba sa hallway. But I had to see my son. Nakarating akong mag-isa sa NICU. Pinagsuot muna ako ng hospital gown at shower cap thingy, pinaghugas ng kamay.

Then I saw my baby.

He was so thin. Jaundiced pa. Pero ang haba niya. Kaya doon sa NICU, siya ang pinakamalaki.

Tinitigan ko ang mukha.

Right there and then, alam ko, tama ang napili kong pangalan para sa kanya.

Kamukhang-kamukha siya ng lolo kong intsik. Si Lolo Pua. Leon Pua.

Tumakas daw sa Pulahang Tsina ang lolo kong iyon. Sumakay sa barko at naglayag

nang ewan kung gaano katagal. Marami sila. Nang makatanaw daw ng dalampasigan, nagsilundag na sila mula sa barko at lumangoy.

Si Lolo Pua ay napadpad sa Calauag, Quezon. Nagtrabaho sa pansitan.

Bilang siya ay Intsik, mayamaya ay siya na ang may-ari ng pansitan. Nagnegosyo pa ng kung anu-ano.

At some point, nag-asawa ng Bicolana, si Lola Jacinta. Siyam ang naging anak nila. Isa doon ang aking ama.

Lumago pa ang kabuhayan nina Lolo Pua. Nakabili ng lupain sa paanan ng bundok, may malaking bahay sa harap ng plaza.

Hindi ako close kay Lolo Pua dahil hindi ako doon sa Quezon ipinanganak at lumaki. Born and bred ako dito sa Lipa City, Batangas. Nagbabakasyon lang kami sa Quezon noong bata pa ako at si Lolo Pua ay matanda na, nakaupo lang lagi sa tumba-tumba. Hindi siya masyadong nagsasalita dahil... ayaw lang niya.

Pero namimigay siya ng pera. Mga barya. That was the 70s, mahalaga pa ang mga diyos at singko pero hindi dahil mayaman ang Pilipinas noon. But I agree, the 70s was the golden era. Of music. Sa saliw ng Stairway To Heaven, kakalasin pa muna ni Lolo Pua ang buhol ng pouch na nakaperdible sa kanyang pajama bago makuha ang mga barya.

Pagkatagal.

Ngawit na kamay naming magkakapatid na nakasahod. Kami ang original Pembarya Squad.

May kasalanan ako kay Lolo Pua. It happened after his death. Grade six yata ako noon o first year high school.

Namatay na raw si Lolo Pua, ayon sa isang emisaryo. Naglakbay kami patungong Calauag, Quezon. Pagdating namin, nakita ko sa itaas ng bahay ang pinsan kong babae, nagsusulat sa mga papel na mga kasinlaki ng one-fourth piece pero walang guhit. Plain off-white papers. Nirorolyo niya, tapos ay iniitsa sa malaking kahon.

“Ano `yan?” `kako.

“Pera ni Lolo.”

“Ah.” Pero hindi ko gets.

Biglang inutusan ng isa kong tita ang pinsan ko at ako na raw muna ang magsulat sa mga papel.

Ano ang isusulat ko?

Sinilip ko ang isang nakarolyo.

Cursive penmanship ni Cousin. I could make out “Leon” pero ang kasunod, hindi ko malaman kung “Pua” o “Pera.”

Eh, pera daw iyon ni Lolo.

So I wrote, *Leon Pera*.

Ambilis ko pang magsulat. Umaapaw na agad ang kahon. Susunugin pala iyon kasama ng iba pang gamit para hindi yagit si Lolo Pua sa kabilang buhay. Later on, I learned my mistake. Pua pala talaga, hindi Pera.

Patay.

For sure, may mga kapangalan ang lolo ko sa kabilang buhay. Baka akala nila, kanila ang pera. Ano’ng gagastusin ni Lolo Pua sa kabilang buhay? Pero madiskarte naman iyon.

Sana ay may pansitan sa kabilang buhay.

Babawi na lang ako sa ibang paraan.

Pagbalik ko sa kuwarto ko sa ospital, naroroon na pala ang aking fambam. And the nurses were tuliro. Hindi ako nagpaalam na pupuntahan ko ang anak ko, basta ako lumarga. Kailangan pala muna nila akong i-check at isakay sa wheelchair. Malay ko?

Pero nalaman ko, totoo naman pala iyong mga trope sa mga pelikula. 'Pag nagpagalagala ka sa ospital, walang papansin sa iyo. Pupuwede pala talaga akong pumitas ng white coat at stethoscope kung saan at magpanggap na doktor. It was something that could come in handy balang-araw.

I happily told my family, "Kamukhang-kamukha ng Lolo Pua!"

At some point, my OB-GYN checked me out. I was okay, just constipated, and I needed to poop before I can be discharged.

Nasumpungan ko na lang ang sarili kong umiiri na uli.

Please poop, come out, I don't need another

billable day in paradise.

Truth Bombs

- You may or may not be ugly AF during pregnancy. Either way, it's useless to obsess about it.
- Friends will say the silliest things, what matters most is they're with you.
- IE is the most painful part of the birthing process.
- The OB-GYN is your best friend.
- Your family is the best support group.
- Keep the ultrasound picture and all the hospital records.
- Keep the baby book because babies grow up and mommies get old and forgetful. Better to have a record of every vaccine your kid/s got. Some last a lifetime, some need boosting.

Thought Nugget

Let that shit go for if you hold on to it, the best things cannot happen.

HEXTERICAL



ROSE TAN



HEXTERICAL

ROSE TAN

BOOK ONE: TIME FOR MAGIC

CHAPTER 1

NASUKOL siya ni Haddim sa barrier ng rooftop. Wala itong inaksayang sandali. Agad hinagip ang isa niyang hita at sapilitang itinaas para maitulak siya nang tuluyan mula sa gusali. Nangunyapit siya kay Haddim pero mas malakas ito sa kanya. Naiangat siya nito at bale-walang itinulak sa kabila ng barrier. Ganoon na lang ang sigaw niya at nagkumahog na kumapit sa kahit anong makakapitan. May nahagip siyang matigas at pahabang bagay.

Ang sungay ni Haddim.

Hinigpitan niya ang kapit doon. Kung mahuhulog siya ay isasama niya ang demonyo.

Pero hindi nangyari ang plano niya. Humulagpos ang sungay dahil bale-walang hinubad ni Haddim ang maskara kung saan nakakabit ang mga sungay ng kambing.

Oh, no.

Ang maskara lamang ni Haddim ang kasama niyang nahulog at ang mukha ng diablo ang huli niyang tanawin habang mabilis na bumubulusok sa ibaba.

“Tangerine!”

Nakita niya ang sarili na bumagsak sa bubong ng isang kotse pero hindi niya naramdaman ang paglapat doon ng katawan, bagkus ay nanatili siyang nakalutang at nakamasid sa parking lot. Nag-angat siya ng tingin. Wala na sa rooftop si Haddim.

“Tangerine!”

Nagtagumpay si Haddim. Ang kasamaan ang nagtagumpay dahil mahina siya.

“Tangerine!”

Malamig. Basa. Napasinghap siya, sabay balikwas.

“PAPA!”

Maliwanag ang buong silid.

“Binabangungot ka, ayaw mong gumising,” sabi nito. Hawak pa ang baso ng tubig na isinaboy sa mukha niya.

Dinagit niya ang baso at ininom ang natirang tubig. “Akala ko totoo.” Pero huminga pa rin siya nang sunod-sunod para matiyak na buhay nga siya, hindi patay. Totoong-totoo ang pakiramdam niyang namatay siya. Wala siyang naramdamang sakit pero para siyang lobo na puno ng tubig na biglang binutas. Humulagpos ang bigat niya hanggang lumulutang na lang siya. Hindi basta lumulutang, kasama siya ng hangin... isa na lamang siyang hangin. Napatingin siya sa bintana dahil biglang nilipad ang kurtina at parang nanuot sa kalamnan niya ang pumasok na hangin.

“Ano ba napanaginipan mo?” Lumapit sa bintana ang kanyang ama, isinara iyon at inayos ang kurtina.

“Si Haddim.” Ipinatong niya sa side table

ang baso, pagkatapos ay dinampot ang paperback na binabasa niya bago nag-brown out at napilitan siyang matulog na lang. “Yong demonyo dito,” aniya sa ama. “Nakawala no’ng buksan ng mga archeologist ‘yong ancient tomb.”

“Tapos mo na?”

“Kung hindi nag-brown out. Ano’ng oras nagkailaw, Pa?”

“Ngayon-ngayon lang. Kaya nga ako nagising, naramdaman yata ng mata ko ang liwanag. Papatayin ko na sana ang ilaw, narinig kitang nasigaw. Pagpasok ko dito, nangingisay ka d’yan, nakataas ang kamay mo.”

“Parang totoo talaga, Pa. Nasa rooftop ako ng building, ewan kung paano ako napunta do’n, basta nando’n ako, ‘tapos may dumating, si Haddim. Naka-black robe na may hood pero nakababa sa likod niya dahil may headdress siya at mask na may sungay, ‘yong sa kambing pero mas malaki. Demonyong kambing. Tinulak niya ako sa

rooftop, nakita ko ang katawan ko, bumagsak sa kotse. Nag-ingay ang alarm, yupi `yong bubong, `tas `yong maskarang may sungay, nahulog do'n sa parking lot. Pero ang mukha ni Haddim, nakamaskara pa rin sa loob ng maskara. Parang... face mask." Charcoal with collagen and tea tree oil, iyong DIY silicone mask na in-order niya online, ginawa at ginamit niya bago matulog. Humalo rin sa letseng panaginip. "Ano'ng ibig sabihin `pag nategi sa panaginip, Pa?"

"Malay ko. Ang alam ko, `pag daw nabungi ka sa panaginip, mamamatay ka na." Lumapit ito sa aircon. "Bubuksan ko pa?"

"Sige, Pa." Pinatay niya iyon nang mawala ang koryente at binuksan muna niya ang bintana dahil napakainit kahit hindi tag-araw sa Pilipinas. "Pakipatay lang ang ilaw paglabas mo." Cell phone naman ang dinampot niya mula sa tabi ng unan. 3:03 ng madaling-araw. "Uy, double three. Matutupad na ang wish mong magbayad si Tita Ameling." Iniharap niya sa ama ang cell phone.

“Harinawa.”

“Hindi harinawa. It’s done. Ayon sa Universe. Confirmation ang 3:03.” Nagpunta siya sa sa Google. Tina-type niya ang “death in dream meaning” nang patayin ng kanyang papa ang ilaw. Lumabas na rin ito, marahang inilapat ang pinto.

Hindi naman daw siya mamamatay, ayon sa Google. Dying in one’s dreams simply means a great change is coming. A rebirth. Iyong nakaraan lang ang “mamamatay,” mapapalitan ng bagong kabanata.

New chapter. Nasa bagong kabanata na kaya ang boyfriend? *Yes or no, Universe? Give me a sign. Thanks.*

Humiga na uli siya at nagpatugtog ng meditative music via Spotify. Tibetan monks chanting “om” sa saliw ng gong at music bowl. Usually ay nakakatulog na agad siya sa ganoong tunog, not this time. Nakikita at nakikita pa niya sa balintataw ang mga maskara ni Haddim, the horned god mask and the facial mask beneath. Baka may eye

bags si Haddim kaya may silicone mask under the eyes.

Kahit galing sa binabasa niyang nobela si Haddim, totoo iyon sa panaginip... ang galit sa kanya. Isa pa, sa nobela, hindi naman naka-black robe at horned mask si Haddim. Sa nobela ay mortal enemy iyon ni Saladin which was a real historical figure. Therefore, hindi pang-devil worship ang costume ni Haddim.

And the sadness she felt when she died, it was so real. Her lifeless body looked so alone, nakadilat sa liwanag ng parking lot ang walang buhay na mga mata. Nakasuot rin siya ng itim na hooded robe. Napasinghap siya at kinapa sa tabi ng unan ang cell phone. Nag-type siya sa Notes under file name *TANGERINE DREAMS*.

She typed in the date and time, then her dream. Inilista rin niya ang mga bagay na tumanim sa isip niya tungkol sa panaginip: horned god mask, facial mask, black robe, tall buildings, harsh lights, may nakita rin siyang

parang soccer field habang nahuhulog siya.

Some dreams are just by-products of the brain cleaning itself, ridding off of the debris accumulated throughout the day—thoughts that her brain decided were unimportant at puwede nang kalimutan para magkaroon ng panibagong space for new thoughts, memories. But there are dreams that hold meaning, mga panaginip na galing sa universal consciousness, maaaring bilang babala, reminder, o kaya naman ay solusyon sa mga problema. Kaya mayroon siyang dream diary. Mararamdaman daw naman niya kung may pahiwatig o wala ang isang partikular na panaginip, ayon kay Prof. Leslie Tiu, guest lecturer sa university last semester. Masyado siyang naaliw sa lecture tungkol sa Science and Occultism. May PhD si Prof. Leslie, top-notch researcher ng mga tinatawag na paranormal, black arts, et cetera. Sa madaling salita, hindi mukhang woo-woo si Prof. Leslie. The woman made taboo subjects like paganism, Satanism, voodoo, and the

likes not so bizarre and scary. Instead, they were something to look into, analyze, and study because “they hold certain truths.”

After the lecture, interesado na siya sa occultism, kagaya ng nasa eighty percent siguro ng mga um-attend ng lecture. Binili niya ang mga libro ni Prof. Leslie, *finollow* niya ito sa social media. After that, the algorithm did its job. It fed her ads for books, pages, personalities, products related to the occult. Tangerine was hooked.

NANGHILAKBOT si Tangerine nang malanghap ang almusal nila. Tuluyan na siyang nanlumo nang makita iyon sa mesa. Beef tapa, sunny side-up eggs, danggit with special suka, burong mustasa, kamatis, sibuyas.

RIP avocado toast. Katutuntong lang niya sa weighing scale bago siya bumaba, nadagdagan siya ng one point six pounds mula lang kahapon ng umaga. Ayaw pa niyang maniwala, baka expired lang ang

battery ng timbangan. Tinesting niya sa three-pound dumbbell. Tama naman. Three pounds, walang labis, walang kulang.

Labis lang talaga ang timbang niya. Palabis nang palabis. Nangako siyang avocado toast na lang ang kakainin sa almusal.

“Kain na,” sabi ng kanyang papa.

Iyon ang nakalimutan ni Tangerine, ang tatay niyang supportive sa katakawan niya. Wala nang kaligayahan si Isidro Milflores kung hindi palamunin ang unica hija.

Sa masaganang hapagkainan na siya lumaki at nagkaisip. Literal na laging may pagkain sa mesa nila. Parang takot na takot magutom ang kanyang papa. Ganoon siguro kapag naranasan mong kumain ng galing sa basurahan.

“Magkakamay ako,” aniya, dumeretso sa lababo at naghugas ng kamay bago dumulog. Kumuha agad siya ng kanin at binuhusan iyon ng burong mustasa, hinalo niya ng kamay. Iyon din ang kamay na ipinangkuha niya sa danggit. “Kape ko, Pa.” *Can't beat 'em,*

join 'em. With passion.

“Ito na nga. Nanginginig pa,” anito.

Mahirap pa raw ang mga ito sa daga noong hindi pa siya ipinapanganak. Former SPG. Squatter daw sa bandang Novaliches ang kanyang papa at mama. Nangangalakal lang pareho ng mga basura. Kumakain daw ng pagpag.

Tumama raw sa jueteng ang kanyang ama noong ipanganak siya. Kulang-kulang otsenta mil daw ang napanalunan at sa takot na maubos lang sa mga hihingi ng balato ang pera, nagkunwari ito at ang kanyang mama na isusugod siya sa ospital dahil inaapoy siya ng lagnat.

Sa Avenida raw sila nagpunta. Nakahanap ng kuwartong mauupahan at ang natitirang pera, ipinampagawa ng kariton at ibinili ng mga gamit para sa Goto on the Go. Kalaunan, naging GotoGo & Pares. Hindi na de-kariton ang pagtitinda, naka-afford na ng puwesto sa may Morayta ang kanyang papa. Since 1997, go-to meal ng mga estudyante sa universities

doon ang GotoGo & Pares. Hanggang mayroon na ring mga silog meals at ihaw-ihaw—liempo, pork chop, chicken. Ang hindi lang nagbago ay ang presyo. Pang-estudyante at pang-estudyante pa rin dapat, ayon sa kanyang papa. Kung magtaas man sila ay kaunting-kaunti. Mahirap daw mag-aral kung gutom. Kaya nga raw hindi na nakapag-aral ang kanyang papa, laging gutom.

Dahil sinuwerte sa negosyo, nakabili ng property sa Bulacan ang mga magulang niya. Sa middle-class subdivision na iyon na siya lumaki at nagkaisip. Dalawang palapag ang bahay nila, tatlo ang silid, dalawa ang banyo. Pinagkakasya nila sa garahe ang isang kotse at isang SUV. Ang delivery van ay sa labas naka-park. Hindi man mansiyon at hindi man sila singyaman ng may-ari ng subdivision, kabilang na sila sa mga nakaaangat sa buhay. Iyong tipong hindi magugutom at maghihirap kapag nagka-economic crisis o zombie apocalypse dahil may iba pang properties na naipundar ang kanyang papa.

Her mother died when she was ten years old. Pero kahit may isip na siya maski paano noon, hindi niya masyadong dinamdam ang pagkawala ng ina. Tahimik lang ito parati noon, lungkutin. Gusto lagi ay nag-iisa. Kaya raw siguro maagang nagkasakit at namatay. Sa kanyang papa lang siya naging malapit nang husto.

Nang mabiyudo, mas pinag-ige na lang ng kanyang ama ang pagpapatakbo ng negosyo at pag-aalaga sa kanya. Nasa early fifties pa lang ito sa kasalukuyan, puwedeng-puwede pang mag-asawa, pero mukhang wala na talagang balak. Mga apo na lang daw na mula sa kanya ang pinapangarap nito sa buhay.

She cringed at the thought. NBSB siya. Wala pang kumpirmasyon mula sa Universe kung kailan, saan, at paano darating ang soulmate niya. She was twenty-six. Nakatapos na siya ng Business Management sa Adamson University. Nag-Culinary Arts na rin siya, sa pag-asang mas makakatulong siya sa kanilang negosyo kung may alam siya sa

kulinarya. Naisip niyang importante rin ang psychology sa negosyo. Nag-enrol siya sa naturang kurso sa DLSU. Nakadalawang semester siya bago na-side track—ni Prof. Leslie. Why study just Psychology when there was such a thing as Parapsychology, and it was more interesting?

Binitawan niya ang kurso at kumuha naman ng online courses on Parapsychology, Occultism, et cetera online. Dati ang tanong ng kanyang papa, *“Kailan ka ga-graduate?”* Ngayon, he was like, *“Ano aaralin mo pagkatapos n’yan?”*

Supportive naman sa lahat ang kanyang ama at kayang-kaya naman nito na patakbuhan mag-isa ang negosyo nila. May posisyon siya sa kompanya, sinusuwelduhan siya pero kapag gagawin naman niya ang trabaho, laging kontrapelo ang papa niya, ‘de hayaan na lang niya ito sa gusto. Traditional masyado, ayaw ng mga high tech-high tech. Hindi na daw kailangang makipag-compete sa iba dahil aanhin pa raw ang pera kung

sobra na? At sa dami na raw niyang inaral, imposible na siyang magutom kahit malugi sila. Napilitan lang ito na dalhin rin online ang gotohan nang magpandemya. No choice. And that was her biggest accomplishment as vice president of Tangerine Foods—ang i-enroll sa food delivery apps ang goto, pares, at barbecues nila.

Ibinaba ng kanyang papa sa mesa ang kape niya at dumulog na rin ito sa mesa, ipinakita sa kanya ang cell phone. Resibo ng eWallet.

Umigkas nang bahagya ang isa niyang kilay. “Nagbayad si Tita Ameling?” Eight thousand eight hundred pesos ang ipinadala.

“Baka raw next month na ang balance pa. At least, naghuhulog.”

She thought of the angel numbers. It's real! Maski ang amount na pumasok, angel numbers. Dalawang eight. She took a moment to thank the angels. Or the spirit guides, depende sa kausap. May mga taong aliens naman ang pinaniniwalaan. Ang mga anghel daw ay aliens talaga, so were the gods

of ancient people. They were depicted as having wings because they came from the “heavens.” Outer space. Ang aliens daw na iyon ang gumawa ng mga pyramid, Stonehenge, at iba pa. Nakapagtataka naman nga na ginamitan ang mga iyon ng technology na hindi pa available sa mankind noong unang panahon. At marami pa ring archeological finds na hindi maipaliwanag ng science kung saan talaga nagmula at ano ang purpose.

She chose to believe in the universal energy that encompasses everything. It was in nature. It was in humans, in animals. *Ask and you shall receive* was a form of karma. Kung ano ang gusto niya at lagi niyang naiisip, iyon ang ibinibigay or nangyayari. It becomes her reality.

Be careful what you wish for ang motto niya sa buhay.

“Pupunta akong Cabanatuan,” sabi ng kanyang papa, nagta-type sa antique na touch screen ng cell phone nito. First generation pa

iyon ng touch screen phones, ayaw palitan. Her father was such a simple man. Sa sobrang kasimplehan, naiisip niya minsan na may aversion lang talaga ito sa karangyaan. Parang ayaw sa masarap na buhay. Kung hindi pa niya ibibili ng mga damit at sapatos, hindi ito bibili para sa sarili. His underwear! *Nanangkupo*. Dahil lumaki na siya na may labandera naman sila, college na siya nang ma-realize niya, nagtitiis sa gutay-gutay na briefs ang papa niya. Sobra siyang na-guilty. Masyado pala siyang walang pake, kuntento sa masarap niyang buhay. So she took it upon herself to shop for her father's needs pero hindi niya sinosobrahan dahil napapagalitan siya.

Akala niya dati, kuripot lang talaga ang ama. Then it came to a point where she realized it was more than that. Kung kuripot lang ito, aangal ito sa mga tuition fee niya, sa renta ng condo noong college niya, sa presyo ng mga cell phone na gusto niya. Hindi naman ito umaangal sa gastos niya. Spoiled pa

siya kung tutuusin. She therefore concluded it was probably a form of survivor's guilt.

Hindi man sa karamdaman o sa sakuna, naka-survive naman sa kahirapan ang kanyang papa. Naiwan ang mga kaibigan doon sa squatter's area—piniling iwan. May mga kamag-anak pa na hindi na nito nakilala. There was also the matter of his own family. Lumuwas ito mula Leyte noong sixteen years old pa lang, iniwan sa tabi ng bundok ang mga magulang at dalawang nakababatang kapatid. Nabalitaan na lang daw kalaunan na nagka-landslide doon sa baryo, kabilang ang pamilya nito sa hindi na nakita.

She could not imagine the pain her father went through at such a young age. 'Tapos, ang aga pang nabiyudo.

“Yong mga kamatis?” tanong niya. Ipinamimigay na lang daw ng mga magsasaka sa Norte ang mga aning kamatis. Walang bumili. Kapag nangyayari ang ganoon, maski ibang pananim, pinapakyaw ng kanyang papa para kumita naman daw ang mga magsasaka.

Pagkatapos ay ibabagsak nito sa mga kaibigan sa mga pelengke ang murang paninda, kahit wala nang tubo. Para naman daw makaalwan din ang mga tindero at tindera. Ang iba, sa mga ampunan at feeding programs dinadala. Lalong tumitibay ang paniniwala niya na bumabawi ang kanyang papa sa pamamagitan ng kawanggawa. She wasn't complaining though. The Universe favored the grateful and the humble.

Nagtataka ang marami kung paanong hindi nalulugi ang kanyang papa sa negosyo ganoong wala nang ginawa kundi mamigay. Simple lang naman. Karma. Ask and you shall receive in action. Her father always wanted to help others. Helping others was what his heart wanted. Iyon ang naririnig ng Universe kaya patuloy na binibigyan ang kanyang papa ng kakayahan na mamigay at tumulong sa kapwa.

“Sa office lang ako maghapon,” aniya.

“Ingat ka magmaneho.”

“I’m always safe,” pagtatama niya. “So are

you.” The Universal Energy must never hear a whiff of fear dahil ang fear na iyon ang mangyayari.

“Yong mga kasabay mo, hindi safe sa iyo.”

Natawa siya. “Dahil ayaw nilang sumunod sa batas ng trapiko.” Nakasagi siya ng motorsiklo kamakalawa. Very minor naman ang injury ng rider at aminadong ito ang may kasalanan. Pakaliwa siya sa intersection para tumawid, biglang humarurot galing ng kanan, bumangga sa pinto ng SUV niya.

“MAMA?” Nilapitan ni Ransom ang inang nasa gitna ng back lawn, walang sapin sa paa, nakapikit, at nagpapainit. Alas-dies pasado na ng umaga, tirik na ang araw. Skin cancer yata ang hanap ng ina dahil alam naman niyang hindi gumagamit ng sunblock.

Dumilat ito. “What?”

Ipinakita ni Ransom ang dalang printout. “What are these for?” Listahan iyon ng mga ipinabibili nito kay Barry, the maintenance manager. Humingi ito ng budget kay Corinne

who was the assistant manager. Corinne in turn took the list to his office and showed him. “Sir, request daw ni Ma’am Margery.”

Several pieces of two by twos, plyboards, a slab of granite, mga sako ng quick-dry cement, Himalayan sea salt lamps, bamboo torches from a particular maker in Silang, Cavite, several amphoras from a potter in San Juan, Batangas, at kung anu-ano pa.

“What are amphoras?” tanong pa niya.

“Jugs. We need those for the ceremony.”

“Magtatayo ka ba ng chapel, Ma?” He was being sarcastic.

His mother simply nodded. “Something like that, yes.”

“Can’t your group just improvise or something? I don’t have the budget for these. Also, that villa you want is reserved for the Mortel Group. Doon lang sila kasya.”

“Doon lang din kami kasya, and stop, for the love of the universe, calling it just a group, Ransom. We’re a coven.”

“That’s a group.” Of witches. Wala pa siya

sa mundo, member na niyon ang kanyang mama. Itinatag nito at ng *tropapips* noong college, in the seventies. The Celestine Circle, it was called.

“I only have two weeks to build that. It’s important to me, Ransom. Don’t worry about the money, I’ll pay you when I get to be the Sacred Celestine.”

“What if you don’t get to be the chosen one?”

“Don’t even think that. It’s my turn.”

“Para saan ang granite? Some kind of altar? Can’t you use a regular table? May spare do’n sa bodega.”

“It would be for the offering, the blood would seep into the wood. It has to be granite.”

Offering. Blood. Just the usual. Walang kabagay-bagay kapag bruha ang nanay mo—literal na bruha.

“What about a glass top?” hirit pa niya. Wala talagang budget ang resort para sa temporary lang naman na altar na itatayo ng

kanyang mama at mga bruha nitong kumare at kumpare.

Umiling ang kanyang mama. “Just give Barry the money for that, we’ll talk later. I’m not finished grounding here.” To emphasize her point, ipinadyak nito ang paa sa lupa.

Grounding. His mother used to make him do it also, noong bata pa siya at paniwalain sa mga sinasabi ng kanyang mama. Kapag nagkakasakit siya, pinatatayo siya nang nakapaa sa lupa. Hihigupin daw ng katawan niya ang electric current na nanggagaling sa ilalim ng mundo, gagaling siya. Ibinibilad din siya sa araw. Best source daw ng vitamin D at melatonin.

“I’ll see what I can find in the storage para hindi na kailangang bilhin ‘to lahat, Ma. Wala namang paggagamitan pagkatapos n’yo, matatambak lang din. I’m sure, may mga nakatambak pa do’n na wood scraps—”

“Ransom, look at me.” Itinuro nito ang mga mata. Nang tingnan niya, bumulong. Hindi niya masabi kung ano, parang dasal.

Then there was a pause and his mother spat on the ground. Tinapakan ng tatlong ulit ang sariling dura. “Now go and give me what I need.”

Kumurap siya. What was that? Then he shrugged and left.

CHAPTER 2

Bale-walang dinampot ni Ransom ang walis na nakasandal sa desk niya. Ililipat sana niya sa sulok pero naglagas ang bristles, kaya ipinangwalis na muna niya sa sarili niyong kalat. Inilalabas niya ng pintuan ang mga alikabok nang humangos palapit ang kanyang mama. Nakita nito ang hawak niya.

“Walis ko `yan,” sabay agaw.

“I know.” Ang hindi lang alam ni Ransom ay kung sinasakyan ba nito ang walis at lumilipad. As far as he was concerned, props lang ng kanyang mama ang walis. Makintab na ang kahoy na handle dahil kasing-edad daw niya ang walis. “Nalalagas na, o.”

“Because that new girl used it to sweep the storage.”

Napatango si Ransom. “I asked her to clean it yesterday.” Kakahanap niya ng maaaring gamitin sa altar ng coven, nabulabog ang mga nananahimik na agiw at alikabok. He also recalled seeing the broom outside last night, nakabilad sa ilalim ng buwan. “Lagyan mo kasi ng pangalan or note nang hindi nadadampot ng kung sino.”

Inipit ng kanyang mama sa kilikili ang walis. “Luluwas ako. I’ll be back tonight or early tomorrow.”

“Sure.”

Mas gusto pa niya na wala sa resort ang ina. Nai-stress dito ang mga empleyado. Hindi naman ito salbahe na naninigaw o kaya ay nananampal, kaya lang, his mother had what they call a “resting bitch face.” Sinamahan pa iyon ng imposing height—five-seven, give or take. There were also her demands. She was very particular in her villa, her food, her bathwater, et cetera.

“Did something come up?” Follow-up niya para hindi mahalatang natutuwa siya sa narinig.

“My friend’s partner died. It was awful.”

“Which friend?” Genuine naman ang concern ni Ransom. He knew all his mother’s friends and they all belonged to the coven.

“Salvio.”

Napakurap si Ransom. “Who?” First time niyang narinig ang pangalan.

“Salvio Magnifico. He has a YouTube channel.”

“Wait, what? YouTube? What happened to secrecy?” The coven was a secret, ano at nakikipagkaibigan sa vlogger?

“He agreed to take it down for the meantime, he wants my help. I’m helping him because his partner was a coven’s child. We are concerned.” Ipinatong nito sa couch ang walis. “Take care of it.”

“Hindi mo sasakyan?” tukoy niya sa walis.

“Don’t be funny.” Hinagkan siya nito sa pisngi.

TANGERINE clicked the video in her iPad. Nagdalawang-isip pa siya kung panonoorin na. Nagpa-practice pa siyang magbasa ng tarot cards at sinasaulo ang ibig sabihin ng bawat isa. Mabuti na lang at pinindot niya nang marinig ang notification. The content was important as it was earth-shaking.

Bumukas ang video sa pamilyar nang altar. Nasa ibabaw iyon ng antique-looking chest drawer. Hitik sa mga halaman. Ang iba ay gumagapang pataas sa katabing dingding at pababa sa maliit na aparador. She could also see vials containing oils, crystals, a ceramic bowl filled with black grains and various figurines. Saglit lang at lumitaw na ang lalaki, naupo sa harap ng camera. Konting adjustments. He looked gaunt despite the makeup—smokey eyes, pale lips, heavy contour. Hindi naitago ng lighting ang pangingitim ng ilalim ng mga mata. Maging ang mga mata nito mismo, bloodshot. Nakasuot ito ng white polo sa ilalim ng black

jacket.

Nakilala niya si Salvio Magnifico dahil din sa algorithm. Nagbabasa ito ng tarot cards sa YouTube channel nito, and she liked his readings, naging fan na siya eventually.

“Salvio here. You probably heard the news by now. It’s with deep sadness that I have decided to shut down this channel. I don’t know, maybe temporarily, I’m not sure. I need time to process what happened to Argan.” Salvio sobbed. “He’s a beautiful, beautiful person. He didn’t deserve what happened to him and he doesn’t deserve what everyone’s saying against him... his memory.”

“What the...” Dali-dali niyang binuksan sa cell phone ang Facebook page ni Salvio Magnifico. Deactivated na iyon. Ano ang nangyayari? She brought up Google search and typed: *Salvio Magnifico Argan*.

“He wasn’t an evil person. He didn’t worship the devil,” patuloy ni Salvio sa video. “He didn’t kill himself and I need your help in finding out the truth. I knew him. He would

never kill himself. He was happy. We were happy.”

Tangerine tapped the first entry. Galing sa isang newspaper ang article. Isang araw na ang nakalipas. *Highrise Suicide* ang pamagat. Isang lalaki raw ang tumalon mula sa rooftop ng isang condominium building sa Pasig. Nag-ingay raw ang alarm ng mga kotse sa parking lot kaya tiningnan ng security guards. Nakita nila ang isang lalaki na nasa ibabaw ng isang kotse. Wala nang buhay. Nakasuot ng itim na robe ang lalaki at sa semento ay may nakakalat na maskarang may sungay.

Hindi maituloy ni Tangerine ang binabasa. Parang hindi siya makahinga. Napatitig siya sa video. Salvio had a montage of Argan running. A man about her age, very good-looking, playful base sa pictures. May kuha na nasa Japan ito, balot na balot dahil winter, mayroong nasa kusina, nagluluto sa baking school. He loved baking. He loved cats. He had a cat named Kowalski—black, gray, and a dotting of orange. An ugly cat pero pink na

pink ang collar.

“I know you didn’t really leave us, Argan. I know you’re just here. I can feel your energy. I know what you want, and I promise, I’ll find the truth. I love you so much.” Salvio sobbed again.

Tangerine found herself sobbing, too. Her heart was breaking over a guy she didn’t know but whose death she saw and felt in her dream. She thought it was her who died. It was a man named Argan.

Binalikan niya ang binabasang article. Dahil sa suot ng lalaki at sa maskara, Satanista raw ito ayon sa mga netizen. Kaya raw siguro nalayo sa Panginoon at nagpatiwakal, kay Satanas nagdadasal. Hindi rin masikmura ni Tangerine ang mga sinasabi ng mga taong nagmamalinis. Nakakita lang ng sungay, demonyo na kaagad.

“It’s the horned god Cernunnos,” sabi ni Salvio sa video. “Cernunnos is the personification of the life force in animals, in the wild. He’s also known as the god of

harvest, the forest. His symbol is the goat, thus the horns. He isn't the devil. And guess what, Argan didn't own a mask like that. The robe, yes, I have mine, too. We wear it during rituals. Yes, we are witches. We are practitioners of the pagan religion. We are not devil-worshippers.

“Someone killed Argan and it's up to me to learn the truth. Everyone believes he took his own life, wala pa akong maipakitang katibayan para paniwalaan ako ng awtoridad. I'm asking for your understanding and help. Sa mga nakakakilala rin kay Argan, please don't hesitate to tell me if you know something.”

Si Haddim.

Nag-comment siya sa video habang nagdadasal. “Don't close it yet, read my comment first.” Pagkatapos ay ginalugad uli niya ang Internet para sa pictures at mentions kina Salvio Magnifico at Argan.